

ANO ANG DAPAT KONG MALAMAN TUNGKOL SA

MGA BAKUNA SA COVID-19?

MAYROONG TATLONG BAKUNA SA COVID-19 NA AVAILABLE SA U.S.:

Lubos na epektibo ang lahat ng tatlong bakuna sa pagpigil sa pagpapaospital o pagkamatay nang dahil sa COVID-19. Isang dosis lamang ang kinakailangan ng bakuna ng Johnson & Johnson, habang parehong dalawang dosis ang sa mga bakuna ng Pfizer at Moderna. Kailangan mo lang kunin ang isang uri ng bakuna para maging protektado laban sa COVID-19.

KUNG KINAKAILANGAN NG IYONG BAKUNA ANG DALAWANG DOSIS – KUNIN MO ANG MGA ITO:

Kung bakuna ng Pfizer ang matatanggap mo, dapat mong kunin ang iyong pangalawang dosis 21-42 araw pagkatapos ng iyong unang dosis. Kung bakuna ng Moderna ang matatanggap mo, dapat mong kunin ang iyong pangalawang dosis 28-42 araw pagkatapos ng iyong unang dosis. Kailangan mo ang parehong dosis para magkaroon ng pinakamalakas na proteksyon laban sa COVID-19. *(Maaari mo pa ring kunin ang iyong pangalawang dosis kahit lagpas na sa 42 araw ang nakalipas – hindi lang alam ng mga siyentipiko kung kasing-epektibo ba ito ng pagkuha ng pangalawang dosis sa tamang oras.)*

LIGTAS ANG LAHAT NG ITO:

Sinubukan ang mga bakuna sa libo-libong tao para siguraduhing natutugunan ng mga ito ang mga pamantayan sa kaligtasan at pinoprotektahan nito ang mga tao mula sa iba't ibang lahi, etnisidad, at grupo ng edad. Sinuri ng Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot (Food and Drug Administration, FDA) at ng isang grupo para sa kaligtasan ng bakuna ang bawat pag-aaral, bawat yugto, at bawat pagsubok.

MAAARING MAKAAPEKTO ANG IYONG EDAD SA KUNG ANONG BAKUNA ANG MATATANGGAP MO:

Simula noong Mayo 2021, available ang bakuna ng Pfizer para sa mga taong 12 taong gulang pataas. Available ang mga bakuna ng Moderna at Johnson & Johnson para sa mga taong 18 taong gulang pataas.

WALANG BAKUNA ANG “MAS MABISA” KAYSA SA IBA:

Epektibo ang lahat ng tatlong bakuna laban sa COVID-19 at mga variant nito. Maaaring nakakita ka ng mga ulat na nagsasabing mas epektibo ang mga dosis ng Pfizer at Moderna – humigit-kumulang 95 porsyento kumpara sa 70 porsyento para sa Johnson & Johnson. Mahalagang tandaan na pinag-aralan ang mga bakuna sa magkakaibang oras sa pandemyang ito at sa iba't ibang variant ng COVID-19, kaya mahirap ikumpara ang mga ito sa isa't isa para masabi kung “mas mabisa” ang isa. Hinihikayat ng mga eksperto sa kalusugan ang pagtanggap ng anumang bakunang madali mong makukuha.

BUMISITA SA [ZOCDOC.COM/VACCINE](https://www.zocdoc.com/vaccine) O TUMAWAG SA 312-746-4835 PARA HANAPIN ANG IYONG BAKUNA.